	TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2025-0009
	Title	BENEFITS PACKAGE FOR HEART VALVE REPAIR AND/OR REPLACEMENT FOR VALVULAR HEART DISEASE (REVISION 1)

Tanong	Sagot
1. Ano ang Z Benefits Package para sa Heart Valve Repair at/o Replacement para sa Valvular Heart Disease?	Ito ay benepisyo para sa mga kwalipikadong pasyente/miyembro, na may edad na 19 taong gulang pataas) at mga bata na may edad na 18 taong gulang pababa, na nangangailangan ng pag-aayos o pagpapalit ng heart valve, pati na rin ang mga kinakailangang cardiac rehabilitation services bunga ng surgery o procedure. Ang mga serbisyong maaaring ma-avail ay ang mga sumusunod: Para sa mga adult patients • Mitral valve replacement with tricuspid valve annuloplasty • Mitral valve replacement • Aortic valve replacement • Cardiac rehabilitation services Para sa mga pediatric patients • Mitral valve replacement with tricuspid valve annuloplasty • Aortic valve replacement with tricuspid valve annuloplasty • Mitral valve replacement • Aortic valve replacement • Mitral and tricuspid valve repair • Mitral Valve Repair • Cardiac rehabilitation services

	TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2025-0009
	Title	BENEFITS PACKAGE FOR HEART VALVE REPAIR AND/OR REPLACEMENT FOR VALVULAR HEART DISEASE (REVISION 1)

Tanong	Sagot
2. Sino ang mga maaaring makagamit ng benepisyo para sa pakete ng Heart Valve Repair and/or Replacement para sa Valvular Heart Disease?	Ang lahat ng Filipino ay maaaring makagamit ng benepisyong ito. Kinakailangan lamang na sumunod ang mga miyembro ng PhilHealth sa mga umiiral na alituntunin ng pagiging kwalipikado. Ang benepisyo para sa Heart Valve Repair at/o Replacement para sa Valvular Heart Disease sa ilalim ng Z Benefits ay maaaring gamitin ng mga pasyenteng tumutugon sa itinakdang klinikal na pamantayan. Ang Pre-authorization Checklist at Request Form (Annex A.1 at A.2) ang magiging batayan ng mga contracted health care facilities sa pagtukoy ng kwalipikadong pasyente bago isumite para sa pag-apruba ng PhilHealth. Ang aprubadong pre-authorization ay may bisa sa loob ng isang daan at walumpung (180) araw na kalendaryo mula sa petsa ng pag-apruba.
3. Magkano ang halaga ng mga benepisyo at ano ang mga serbisyong nakapaloob sa pakete para sa Heart Valve Repair and/or Replacement para sa Valvular Heart Disease?	Ang mga sumusunod ay ang mga halaga ng mga benepisyo at mga kasamang serbisyo para sa Z benefits package ng Heart Valve Repair and/or Replacement para sa Valvular Heart Disease:

Procedure	Klasipikasyon ng Pasyente	Halaga (Php)
Mitral Valve Replacement with Tricuspid Valve Annuloplasty	Adult o Pediatric	810,000
Aortic Valve Replacement with Tricuspid Valve Annuloplasty	Pediatric	810,000
Mitral Valve Replacement	Adult o Pediatric	762,000

	TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2025-0009
	Title	BENEFITS PACKAGE FOR HEART VALVE REPAIR AND/OR REPLACEMENT FOR VALVULAR HEART DISEASE (REVISION 1)

Tanong	Sagot
	<table><tr><td>Aortic Valve Replacement</td><td>Adult o Pediatric</td><td>762,000</td></tr><tr><td>Mitral and Tricuspid Valve Repair</td><td>Pediatric</td><td>690,000</td></tr><tr><td>Mitral Valve Repair</td><td>Pediatric</td><td>642,000</td></tr><tr><td>Cardiac Rehabilitation (Maximum of 4 sessions)</td><td>Adult</td><td>15,000</td></tr><tr><td>Cardiac Rehabilitation (Maximum of 4 sessions)</td><td>Pediatric</td><td>6,500</td></tr></table>
4. Saan maaaring magamit ang benepisyo ng Z benefits package para sa Heart Valve Repair and/or Replacement para sa Valvular Heart Disease?	Magagamit ang benepisyong ito sa lahat ng mga health facilities na kinontrata ng PhilHealth upang makapagbigay ng benepisyo para sa Z Benefits package ng heart valve repair/replacement para sa valvular heart disease. Upang magabayan kung saan ang mga contracted health facilities, maaaring bumisita sa PhilHealth website: www.philhealth.gov.ph o sumangguni sa pinakamalapit na PhilHealth service office.
5. Anu-ano ang mga alituntunin o patakaran para makapasok sa paketeng ito?	Ang contracted health facility ay kailangang magsumite ng maayos at kumpletong orihinal na kopya ng Pre-Authorization Checklist at Request Form at Annex D: Member Empowerment (ME) Form sa Local Health Insurance Office (LHIO) o sa tanggapan ng Pinuno ng PhilHealth Benefits Administration Section (BAS) na nakakasakop sa contracted HF. Ang aprubadong pre-authorization checklist at request form ay ang basehan ng isang contracted health facility sa pagbibigay ng mga kaukulang serbisyo batay sa benepisyong nakapaloob sa polisiyang ito.

	TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2025-0009
	Title	BENEFITS PACKAGE FOR HEART VALVE REPAIR AND/OR REPLACEMENT FOR VALVULAR HEART DISEASE (REVISION 1)

Tanong	Sagot
6. May babayaran ba ang isang pasyente sa ilalim ng benepisyong ito?	Wala na dapat bayaran ang isang pasyente na naka-enroll sa benepisyong ito para sa mga serbisyong saklaw ng pakete. Kung sakali na ang pasyente ay ninais ng mas mataas na uri ng serbisyo na may mga amenities o serbisyo na hindi saklaw sa benepisyong ito, maaari na maningil ang contracted health facility batay sa napagkasunduan ng PhilHealth at ng pasilidad na makikita sa napirmahang kontrata. Ang karagdagang babayaran ng pasyente ay dapat maayos na naipaliwanag ng pasilidad sa pasyente. Ang pasyente ay pipirma sa Member Empowerment (ME) Form bilang katunayan na naintidihan nito ang mga alituntunin habang nakaenrol sa Z Benefits, karagdagang bayarin at maging ang kanyang responsibilidad bilang isang pasyente habang siya ay nasa gamutan.
7. Sino ang dapat mag-file ng claims sa PhilHealth para sa paketeng ito?	Walang direktang pagsusumite o “No direct filing” na tinatawag para sa mga claims mula sa mga benepisyaryo o mga pasyente. Lahat ng claims ay kailangang isumite ng contracted health facility (HF). Ang contracted health facility (HF) ay magiging responsable para sa kawastuhan, pagsunod sa mga patnubay, at maayos na pagproseso ng lahat ng claim na isinusumite para sa mga pasyente. Lahat ng kinakailangang dokumento, form, at mga kalakip ay kailangang tama bago isumite ang mga claim sa loob ng itinakdang panahon. Babayaran ng PhilHealth ang mga serbisyong saklaw ng paketeng ito ayon sa mga itinakdang package rates sa pamamagitan ng case-based payment at Fee-for-Service (FFS) base sa Statement of Account o SOA.

	TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2025-0009
	Title	BENEFITS PACKAGE FOR HEART VALVE REPAIR AND/OR REPLACEMENT FOR VALVULAR HEART DISEASE (REVISION 1)

Tanong	Sagot
8. Paano maging isang contracted Z Benefits provider ang isang health facility?	Upang ang isang health facility ay maging kabahagi ng Z Benefits para sa benepisyong ito, siya ay makikipag-kontrata sa PhilHealth batay sa itinakdang panuntunan ng korporasyon. Prayoridad na sumali ang lahat ng mga pambulikong pasilidad na may kakayahan na maibigay ang lahat ng kinakailangang serbisyong nakapaloob sa Z Benefits na ito. Gayunpaman, pinapayagan ng PhilHealth na sumali ang mga pribadong pasilidad sa mga lugar na walang may kakayahang makapagbigay ng kinakailangang serbisyo lalo na sa mga lugar na nasa ilalim ng GIDAs (Geographically Isolated and Disadvantaged Areas). Kaakibat nito, nakasaad sa bawat kontrata ang napagkasunduang halaga na maaaring bayaran ng isang pasyente kung sakaling may karagdagang babayaran. Maaaring makipag-ugnayan ang pamunuan ng pasilidad sa PhilHealth Regional Offices na nakakasakop sa kanilang pasilidad para sa mga kinakailangang dokumento at sa iba pang karagdagang impormasyon.